



Ika-78 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Enero 25, 2024
 Wikang Hapon: <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>
 Wikang Hapon na madaling maintindihan: <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

Pagsali sa International Festival in Kawasaki

Noong ika-9 ng Hulyo, Linggo, sumali ang mga kinatawan sa ginanap ang International Festival in Kawasaki. Ito ang unang pag-ganap ng International Festival sa loob ng 4 na taon, at may 80 na organisasyon, may 25 na bansa o rehiyon na nakauugnay sa stage, exhibition, exchange experience, mga produkto, consultation corner at iba pa. Maraming mga nakaplano at ang araw na ito ay puno ng mga bisita. Ang mga kinatawan ay nagsulong ng mga aktibidad ng kinatawan sa pamamagitan ng exhibit ng mga aktibidad. Nagsagawa din ng Quiz competition sa stage ng reception room, at nakisalamuha sa mga kalahok.



Pagsali sa Kawasaki Citizens' Festival

Noong ika-3 hanggang ika-5 ng Nobyembre ay ginanap ang ika-44 na Kawasaki Citizens' Festival. Nakisali ang mga kinatawan sa ikatatlong araw nito. Ngayong taon, may 540,000 katao ang nakisali sa tatlong araw ng festival. Parang nakabalik ang sigla kagaya nung bago mag-Covid, at ito ay naggang kapanapanabik na civic festival. Kagaya ng nakaugalian, sa tent sa loob ng Fujitsu Stadium, ang mga kinatawan ay nagsagawa ng quiz, pagdrawing ng bandila, at nakipag-ugnayan sa ibang mga sumali sa festival. Maliban dito ay namigay ng mga flyer at lobo upang ipakilala ang Kinatawan ng mga Dayuhan.



Pag-ganap ng Open Forum

Noong ika-19 ng Nobyembre (Linggo), ay isinaganap ang Open Forum sa Nakahara Community Center. Ngayong taon may 60 na katao ang nakisali. Isinagawa ito mula 2pm hanggang 5pm. Ngayong taon, naghati sa dalawang subcommittee, at nakinig sa opinion ng mga nakisali tungkol sa 3 draft na panukala na “Sistema ng suporta sa post-partum”, “sistema ng suporta sa pangangalaga”, at “pag-aaral ng Japanese”. Pagkatapos nito ay bumalik sa buong grupo at ibinahagi ang mga opinyon sa lahat. Humingi rin kami ng komento mula kay Igarashi Yukari na Professor ng St. Luke’s International University, at mula kay Kado Miyuki na Manager ng Multicultural Society Division ng Yokohama Association for International Communication and Exchanges.



Sa survey, ang opinyon na napakinggan ay “Marami kaming natutunan sa pagkinig sa mabuting opinyon mula sa mga dayuhang mamamayan”, “Maraming mga impormasyon ngunit marami din dito ang hindi kinakaalam ng karamihan, sa tingin ko ang hamon ay kung paano ito palawakin”, “Unang beses kong sumali sa ganitong forum, at ako ay natuwa sa masiglang pagpapalitan ng mga opinyon. Sana ay inyong mailagay sa panukala ang mga iba’t ibang opinion mula sa mga nakaranas manganak, mga may pamilyang nakaranas manganak, at mga tagasuporta”, “mabuti na nakasali ako ngayong araw at nalaman ko ang mga aktibidad ng mga kinatawan ng dayuhang mamayan. Maraming salamat sa nakuhang inspirasyon mula sa inyong mga aktibidad”, “Nais kong gamitin ang pagkakataon na ito upang mas makipag-ugnay sa mga local na tao kabilang na ang mga dayuhan”.

Pagkatapos ng Open Forum ay nagsagawa ng pagsasalo. Kahit na saglit lang ito, nagkaroon kami ng mabuting panayam sa mga dumalo. Ang mga mahahalagang opinyon at payo na natanggap namin ay nais naming gamitin sa mga diskusyon upang makagawa ng proposal sa mga natitirang pagpupulong. Maraming salamat sa mga dumalo sa open forum.



Mga Valentine's Day sa Mundo



Alam ba ninyo kung ano ang ginaganap sa ika-14 ng Pebrero? Opo, ito ay Araw ng mga Puso. Sa Japan, sa araw na ito ay nagpapadala ng tsokolate ang mga babae para sa lalake, ngunit ang pag-celebrate ng Araw ng mga Puso ay iba't iba depende sa mga bansa. Ano kaya ang mga iba't ibang kultura ng Araw ng mga Puso? Aming ipakikilala ang mga pagdiriwang ng Valentine's sa bansa ng mga kinatawan.



▷ Amerika

Sa Valentine's Day ng America, hindi ito araw upang magbigay ng tsokolate ang mga babae sa mga lalake. Ito ay araw upang sabihin ng mga lalaki ang kanilang pakiramdam para sa pinahalagahang babae (girlfriend o asawa). Karamihan sa mga lalaki ay nagbibigay ng romantic na card, nakatutuwang card, mga teddy bear, bulaklak, o alahas. Pwede ding mag hapunan sa fine-dining restaurant, o kaya ay magluluto ang lalaki ng hapunan sa bahay na may candle-light.

Sa America, ang Valentine's Day din ay madalas na napipili ng mga kalalakhian bilang pagkakataon upang magpropose ng pagpapakasal. May mga lalaki din na nagpapadala ng isang dosenang rosas sa lugar ng trabaho ng babae upang maipaalam sa mga kasamahan ang pagmamahal nito. Para itong mga pelikulang romansa, ngunit ito ang pagcelebrate ng mga tao sa America ng Valentine's Day.

Kamakailan, may mga bagong nauuso. Ang mga babaeng binigo ng lalaki ay pwedeng mag-abuloy ng maliit na halaga sa zoo para sa Valentine's Day, at ang pangalan ng lalaki ay ibibigay bilang pangalan sa isang ipis.

Mahalagang aral na natutunan ng mga lalaki sa Amerika ang wag kalimutan na pasiyahin ang importanteng babae sa buhay sa espesyal na araw na ito.

LAVERMAN Kevin

▷ Thailand

Ang Valentine's Day ay importanteng araw para sa mga couple sa Thailand. Ang pagkakaiba nito sa Japan, ay ang lalaki ang nagbibigay ng regalo. Ang madalas na ibigay ay bulaklak, at ang pinakasikat na ibigay ay ang simbolo ng pagmamahal na pulang rosas. Sa Bangkok, may kilalang tindahan ng bulaklak (Pak Khlong Talat) na bukas ng 24 oras, at ang araw bago mag Valentine's Day ang pinaka-abalang oras ng taon. Bawat taon, sinasabi sa news ang pagtaas ng presyo ng pulang rosas.

Ang Valentine's day ay hindi lamang para sa matanda, importanteng araw din ito para sa mga estudyante. May tradisyon ang mga estudyante na magdikit ng sticker na guhit puso sa uniporme ng taong gusto nila. Sa mga sikat na tao sa klase, hindi na makikita ang puting parte ng uniporme dahil sa dami ng iba't ibang kulay na pusong sticker na naidikit dito.

Sa Japan, nagbibigay din sa lalaki ng tsokolate, hindi lang dahil sa pag-ibig, ngunit dahil din sa obligasyon o pagpapasalamat. Wala nito sa Thailand. At hindi din kailangan magsauli kahit na may natanggap sa lalaki. Dahil ang ika-14 ng Pebrero ay "araw ng pagmamahal" para sa mga taga-Thailand, isa itong espesyal na araw at sinasabing ang araw na ito ang pinakamaraming nagpaparehistro ng pagpakasal. Ang Valentine's Day ay tradisyong galling sa kanluran, ngunit para sa mga taga-Thailand, ito ay importanteng araw upang ipaalam ang damdamin para sa partner nila.

NODAYuwaree

▷ Mexico

Sa Mexico, ang Valentine's Day ay tinatawag na "Araw ng pag-ibig at pagkakaibigan". Isa sa kapansin-pansin sa Valentine's Day ng Mexico ay hindi lamang ito para sa romantic na pagmamahal, ngunit may importansyang inilalaan din para sa pagkakaibigan at pagmamahal sa pamilya. Sa Valentine's Day ay nagbibigay ng regalo o mga tanda ng pagpapasalamat para sa mga kaibigan at pamilya, at nagcelebrate higit pa sa romantiking relasyon. Sa kulturang ito ng Valentine's Day ay ipinapakita ang kahalagahan ng relasyon ng pamilya at mga malapit na tao sa kultura ng Mexico.

Ang mga visual na elementong nagpapalamuti sa Valentine's Day ay ang pula at kulay rosas na dekorasyon, mga puso, at mga bulaklak. Ang mga kalye, tindahan, at bahay ay may dekorasyon ng mga simbolo ng pag-ibig. Lalo na ang rosas na simbolo ng regalo ng Valentine's Day, napakaabala ng mga tindahan ng bulaklak sa araw bago mag Valentines. Ang pulang rosas ay nagpapakita ng madamdaming pag-ibig, at ang pink na rosas ay para sa papuri at pasasalamat.



Ang pagkaing Mexicano ay isang importanteng parte rin ng celebrasyon ng Valentine's Day. Sa mga restaurant ay pwedeng magkaroon ng espesyal na romantikong hapunan kung saan makakain ng tradisyonal na pagkain ang mga magkasintahan, kagaya ng Mole o Tamales. Ang tsokolate o "Conchas" na isang matamis na hugit pusong tinapay ay tradisyonal na nakikipagpalitan sa mga kaibigan at kapamilya. Ang pakikipagpalitan ng tsokolate o Conchas ay nagdadagdag ng matamis at malasang diwa sa pagdiriwang ng Araw ng mga Puso.

MAY Azael

Mga Lugar kung saan maaari mag-aral ng Japanese sa Lungsod ng Kawasaki

Sa lungsod ng Kawasaki, maaaring mag-aral ng Japanese na magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay sa mga lugar kagaya ng Fureai-kan, Sentro ng Pang-edukasyon at Pangkultura (Kyoiku Bunka Kai-kan), Sentro ng Sibiko (Shimin-kan), International Exchange Center (Kokusai Kouryuu Center), at iba pa. Ang mga local na tao ang nagvovolunteer sa wikang hapon, at sumusuporta sa mga dayuhan sa pag-aaral ng wikang Japanese. Hindi man ito kasing husay ng mga eskwela ng wikang Japanese, mga lugar ito na pwedeng makipag-ugnayan sa mga local na tao, at hindi lamang pang-pag-aral ng Japanese. Nais mo bang makipag-usap tungkol sa Japanese o pamumuhay sa Japan kasama ang mga tao ng iba't ibang bansa?



- ▶ Status para sa pag-sagawa ng klase sa Japanese, at listahan ng pag-contact dito (Mayroon ding English version)

<https://www.city.kawasaki.jp/880/page/0000042877.html>

Para sa tanong

Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau

Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577

Tel : 044-200-2846 Fax : 044-200-3707 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapan ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan